**Oktubre 3, 2025**
Mahalagang paunawa mula sa Departamento ng mga Serbisyong Pangkaunlaran (Department of Developmental Services) tungkol sa:

# 2025-26 MGA PANUKALA SA PAGGANAP NG SENTRONG PANGREHIYON

### G-2025-Mga Panukala sa Pagganap ng Sentrong Pangrehiyon-002

## Ano ang Dapat Malaman

Ang Mga Panukala sa Pagganap ng Sentrong Pangrehiyon (Regional Center Performance Measures o RCPM) ay nilikha upang magtakda ng mga malinaw na pamantayan at layunin upang ipakita kung ano ang hitsura ng magagandang serbisyo. Tinutulungan nila ang mga sentrong pangrehiyon na malaman kung anong mga layunin ang dapat abutin para makakuha ng mas mahusay na suporta at pangangalaga ang mga indibidwal. Ang paglahok ng sentrong pangrehiyon sa RCPM ay boluntaryo.

Ang RCPM ay may anim na pokus na lugar:

- Early Start (Maagang Simula)
- Pagtatrabaho
- Pagkamakatarungan at Kakayahang Pangkultura
- Karanasan at Kasiyahan ng Indibidwal at Pamilya
- Pagpaplano ng Serbisyong Nakasentro sa Tao at
- Koordinasyon ng Serbisyo at Operasyon ng Sentrong Pangrehiyon.

## Ano ang Magbabago

Ang liham na ito ay nagbibigay ng mga detalye sa mga sentrong pangrehiyon tungkol sa mga pagbabago sa mga layunin ng RCPM para sa piskal na taon ng 2025–26:

- 6 na layunin ay bago dahil gusto ng Departamento na magpakita ng higit pang mga paraan upang makatulong na mapabuti ang mga serbisyo sa ibang mga lugar
- 7 layunin ang natapos dahil hindi na kailangan o bahagi ng batas na dapat sundin ng mga sentrong pangrehiyon.

## Mga tanong?

Makipag-usap sa iyong tagapag-ugnay ng serbisyo o mag-email sa RCMeasures@dds.ca.gov.

## Matuto Pa

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Regional Center Performance Measures bisitahin ang: https://www.dds.ca.gov/rc/regional-center-performance-measures/.